

Tungkol sa Kalusugan

Mga Suliraning Sekswal

Ano ang karaniwang problemang sekswal ng mga may HIV?

Bagama't ang problemang sekswal ay umaapekto sa lahat, ang epekto nito ay maaring mas higit sa mga may HIV. Ang karaniwang problemang sekswal na umaapekto sa mga PHA ay ang pagkawala ng ganang makipagtalik o mag-sex o libog, kasama na ang isyu sa pagka-arouse, sa kasiyahan at orgasm.

Ano ang Sanhi ng mga Suliraning Sekswal sa mga Taong may HIV?

Para sa mga PHA, ang mga suliraning sekswal ay maaring kaugnay ng mga epekto ng HIV sa iba't bang aspeto ng emosyonal at pisikal na kalusugan ng isang tao.

Ang mga sumusunod ay kasama sa mga emosyonal na dala ng suliraning sekswal:

- stigma o diskriminasyon na kaugnay ng dayagnosis na HIV
- pagka-depress, pagka-balisa at pagharap sa lubhang matinding stress
- ang stress na dala ng pagtatapat, paggamit ng condom at pagkakaroon ng mas ligtas na pakikipagtalik o safer sex
- ang pag-baba ng pagtingin sa sarili dahilan sa mga pag-iiba ng itsura ng katawan, na dala ng HIV o ng paggagamot nito.

Ang mga sumusunod ay kasama sa mga pisikal na dala ng suliraning sekswal:

- Ang matinding pagkakasakit at pagbaba ng lakas at stamina
- Pagbaba ng bilang ng testosterone sa kalalakihan at kababaihan
- Mga side-effects ng ilang gamot laban sa HIV
- Pinsala sa nerves dahil sa HIV, ibang mga virus (gaya ng CMV) o mga gamot
- Side effects ng ilang kagamutan (hal, gamot laban sa depression at gamot para sa high blood o alta-presyon, at mataas na kolesterol)

Mga isyu at kagamutan para sa kalalakihan

Para sa maraming kalalakihang may HIV, ang pinakang karaniwang problemang sekswal ay impotence, o kahirapan o kawalan ng kakayanang itayo ang ari, o mapanatili ang ereksyon.

Sa mga kalalakihang mababa ang level ng testosterone, maaring makatulong sa sintomas ng problemang sekswal ang testosterone replacement therapy. Ito'y maaring nasa anyo ng tableta, ineksyon, gel o patch na naitatapal sa balat. Ang Testosterone replacement therapy ay maaring may dalang side effects at iba pang panganib sa kalusugan, kaya mangyari lamang na kumunsulta sa tagapangalaga ng iyong kalusugan kung iniisip mong isagawa ito.

Ang Sidenafil (Viagra), tadalafil (Cialis), at vardenafil (Levitra) ay maaring gamiting panggamot laban sa impotence at nagpapataas ng pagdaloy ng dugo sa ari. Kaya lamang, dahil sa interaksyon ng mga gamot, kailangang bawasan ang dosage nito sa mga imiiunom ng Protease Inhibitors, NNRTIs, ketoconazole, itraconazole at erythromycin. Isa pa, dahil sa nakamamatay na kumplikasyon, hindi ito maaring inumin na kasabay ng Ritonavir, at iba pang gamot sa puso gaya ng nitrates, at ang drogang Poppers.

May iba pang tulong tulad ng pag-ineksyon sa ari ng prostate hormone na tinatawag na alprostadil (muse) na nagpapalakas ng daloy ng dugo sa ari, o kumbinasyon ng aprostadil, papavarine at phentolamine (Triple Mix). Kasama sa mga side effects nito ang masakit na pagtatagal ng ereksyon (priapism).

Mayroon ding mga implants at pumps na naikakabit sa pamamagitan ng pag-opera, na tumutulong sa ereksyon. Ang problemang sekswal ay maaring kaugnay ng mga sanhing pang-sikolohiya tulad ng stress, pangangamba, at depression, at ang pagharap sa mga ito ay maaring makatulong mabawasan ang problemang sekswal.

Mga isyu at kagamutan para sa kababaihan

Kasama sa mga problemang sekswal na umaapekto sa kababaihan ang maagang pagme-menopause, pagbaba ng libog, panunuyo ng ari, matinding pananakit habang nagtatalik, at matinding pananakit at mas malalang sintomas o premenstrual syndrome (PMS).

Kasama sa mga kagamutang laban sa panunuyo at hindi maayos na pakiramdam ang mga lubrikanteng water based (Astroglide, K-Y) na nagpapadulas sa ari ng ilang oras, o mga moisturizer (Replesn, Lubrin) na nagbabawas sa panunuyo ng hanggang tatlong araw matapos ang minsang paggamit nito.

Para sa mga simtomas na kaugnay ng maagang pagme-menopause, ang vaginal hormonal therapy ay maaring makatulong. Ito'y iba-iba ang anyo: vaginal estrogen cream (Estrace, Premarin), vaginal estrogen ring (Estring) o tabletang vaginal estrogen (Vagifem). Lahat ng mga ito ay naisusuot sa ari at ang pagtagal ng bisa nito ay nagkakaiba-iba. Kaya lamang, ang mga kagamutang ito ay maaring magdala ng mga side effects at panganib na pangkalusugan. Kausapin ang tagapangalaga ng iyong kalusugan tungkol sa mga panganib at biyayang kaugnay ng hormonal therapy.

Ang PMS ay maaring gumutin sa pamamagitan ng mga supplements gaya ng Vitamin B6, calcium at magnesium; isang balanseng diyeta na dinagdagan ng mga whole grains, gulay, prutas, binawasan ng asin, caffeine, asukal at alcohol, hustong oras ng pagtulog at regular na page-exercise. Ang pananakit ay maaring gamutin ng ibuprofen (Advil) o aspirin (Novasen).

Ang paggamit ng Viagra, Cialis at Levitra ay hindi pa napag-aaralan nang husto sa paggamot sa mga kababaihang may problemang sekswal.

Ano ang maari kong gawin laban sa problemang sekswal?

Ang mga problemang sekswal ay pangkaraniwan at maraming maaring makagamot laban dito. Mahalagang ikaw ay makipag-usap sa iyong doctor, counselor at/o therapist, tungkol sa mga problemang ito. Maari ka nilang matulungan na pag-aralan at alamin ang mga pisikal at emosyonal na dahilan ng mga suliraning ito, at matulungan kang humanap ng emosyonal at pang-sikolohiyang tulong, o mai-refer ka sa mga espesyalista.

Copyright @ACAS 2001 & 2006. This fact sheet is produced by ACAS (Asian Community AIDS Services) and is available in English, Chinese (Traditional and Simplified), Tagalog and Vietnamese. Funding for this project is provided by the Ontario HIV Treatment Network (OHTN) and Health Canada. Copies can be downloaded at : www.acas.org/treatment. ACAS provides comprehensive support and case management services for Asian people living with HIV/AIDS; and HIV/AIDS prevention education to the east and southeast Asian Canadian populations in the Greater Toronto Area. ACAS is located at 33 Isabella Street, Suite 107, Toronto, Ontario M4Y 2P7. Tel: (416)-963-4300, Fax: (416)-963-4371 Email: support@acas.org

Legal Disclaimer: While we make every attempt to ensure the accuracy and reliability of information contained in this website/ fact sheet, the information provided here are designed for reference purposes only. These information should not be relied upon as a substitute for medical advice from a qualified professional health care provider and should not be used for diagnosing or treating a condition or illness. Please consult a physician if you have any concerns about your health, treatment regimen and questions related to HIV/AIDS. ACAS, its employees and board members will not be responsible for any loss or harm, however arising, from the use of, or reliance on this information.